**The Project Gutenberg eBook of Hiwaga ng Pagibig, by Balbino B. Nanong**

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Hiwaga ng Pagibig

Author: Balbino B. Nanong

Release date: July 31, 2006 [EBook #18955]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza, and the Online Distributed Proofreading Team at http://www.pgdp.net (This file was made using scans of public domain works from the University of Michigan Digital Libraries.) Handog ng Proyektong Gutenberg ng Pilipinas para sa pagpapahalaga ng panitikang Pilipino. (http://www.gutenberg.ph)

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK HIWAGA NG PAGIBIG ***

---

# HIWAGA

**ng**

# PAG-IBIG

## B.B.Nanong.

**"PUSONG MINATAMIS ANG MAMATAY NG DAHIL SA PAGSUSUKAB NG ASAWA"**

---



NOBELANG TAGALOG

HIWAGA NG PAGIBIG

KATHA NI

Balbino B. Nanong

(Kasapi sa "PANULAT BANAHAW")

LUKBAN, TAYABAS

KAUNAUNAHANG AKLAT NG

"Panulat Banahaw"

UNANG PAGKALIMBAG

Maynila, K. P.

Limbag sa
"ORIENTAL PRINTING"
403 Ronquillo, Sta. Kruz
MAYNILA, K. P.
1922

---

## NOBELANG TAGALOG

# HIWAGA NG PAGIBIG

### KATHA NI

## Balbino B. Nanong

**(Kasapi sa "PANULAT BANAHAW")**

### LUKBAN, TAYABAS

### KAUNAUNAHANG AKLAT NG

### "Panulat Banahaw"

**UNANG PAGKALIMBAG**

**Maynila, K.P.**

**Limbag sa**
**"ORIENTAL PRiNTING"**
**408 Ronquillo, Sta. Kruz**
**MAYNILA, K. P.**

**1922**

---

## TALAAN NG NILALAMAN

I- II- III- IV- V- VI- VII- VIII- IX- X- XI- XII- XIII- XV- XVI- XVIII-

ARAW NG KAMUSMUSAN-Ursula O. Maderal

¡BAYANG PILIPINAS...!-CRISPULO O. SALVATIERRA

ANG BAGIN-ELIAS G. NAÑOLA

BUHAY...-ZÓSIMO G. RESURRECCION

MGA IMBI...-RICARDO E. PALACIO

INANG WIKA-VENANCIO SALIENDRA

MY ANGEL—WORLD-Zósimo O. Maderal

MY SACRED FLOWER...-SANCHO A. SALIVIA

---

Ang sino mang may nais magkaroon ng sipi ng aklat na ito maaaring makipagusap o makipagalam kay Gg. P. C. Palines, katiwala ng may katha. Tel. 8601, 1030 Azcarraga, Maynila.

Gayon din, ipinagbibili sa mga libreria.

---



BALBINO B. NANONG

> Ang pagibig ay isang bagay na hindi dapat paglaruan: kung ang pagibig ay isang laruan ay walang katamisan sa puso.
>
> *B. B. Nanong.*

---

*SA MADLA:*

*Ang aklat na ito, sakaling sa pagkatunghay ninyo sa mga dahon, ay di kakitaan ng mga matatamis na pangungusap, ng matatayog na pagkukuro ng kaisipan, at gayon din, sakaling di maging masarap sa inyong panglasa ang nalalaman dito, ay hinihiling ko ang paumanhin ng madla sa abang kathang ito; pagka't ako ay hindi isang tanyag na manunulat at mangangatha.*

*Sinulat ko ang aklat na ito, sa maalab na nasang makapaglingkod ang abang kaliitan sa bayang may sariling wika, nguni't alanganing lagi ang katatayuan—maraming nagtatakwil sa Inang Wika....*

*Sinulat ko rin ito, sa maalab na nasang mailarawan ang tinawid ng dalawang magkasintahan nguni't kapag nagkaminsan ang matamis na pagiibigan ay nagkakaroon ng mapait na wakas para sa dalawang puso.*

*Ngayon, ay ipinababatid ko sa madla, na, sakaling maraming mali sa pagkakasulat nito, marahil, sanhi na lamang ng kabataan ng aking panitik—hindi pantas na mangangatha.*

*Kaya aking inuulit, na, sa pagbasa ng aklat na ito at hindi kapulhan ng bagay sa inyong panglasa, ay hingi ko ang paumanhin sa lahat, dala ng hindi ko pa kabihasnan. Gayon man ay hangad ko rin at inaasahang ito ay isa man lamang mabilang sa mga punpon ng aklat na nasusulat sa ating wika.*

*BALBINO B. NANONG.*

---

**HANDOG**:

Sa mahal kong kapatid: kay Consolacion Elento at sa madlang kasapi sa "Panulat Banahaw" lalong lalo na sa mga magagandang tala: Ursula Maderal, Atilana Abrilla, Guadalupe Abad, Pining Ravida, V. Abutal at Roming Dator; at sa masisiglang kasaping Z. O. Maderal, B. E. Palacio, E. Nañola at Ben. Racelis. At, gayon din inihahandog ko ito sa mga kapisanang naglilinang ng sariling wika sa lalawigang Tayabas, lalong lalo na sa "Pagasa ng Lucena", "Panitik Atimonan" at "Hilaga ng Tayabas."

*ANG SUMULAT.*

---

# HIWAGA ÑG PAGIBIG

## I

## SA LILIM NG ISANG MANGGA.

KUNG madadama lamang natin ang dibdib ni Leonora, ay ating mararamdaman na para bang lalong lumalakas ang pagkaba. Malakas at masasal na parang tinatahip ang dibdib sa lakas ng tibok ng puso. Parang may sindak, nguni't sa harap pa ba kaya naman ng isang kasintahan masisindak at waring matatakot? Isang hiwaga ang ganito!

Sila'y magkapiling ni Eduardo. Ang kanilang mga puso ay parang nangapiping ilang sandali sa dahilang tila tumagos sa puso ng binibini ang pangungusap na binigkas ng binata. Ang huling katagang binigkas ni Eduardo ay parang nagdulot sa puso ni Leoning ng isang pagkaawa. Nguni't ang pagkaawa niyang yaon ay nangahulugan ng kanyang pagkapipi sa dahilang hindi mabigkas ng bibig ang isasagot, samantalang, sa katotohanan ay di natin nababatid ang mga lihim ng kanilang puso.

At upang matalos naman natin kung bakit ang binibini ay parang sumisikdo ang puso at parang tinatahip ang dibdib ay narito ang dahilan. Siya ay di natin dapat pagkamalang natatakot. Ang nasa harap niya ay si Eduardo, isang uliran, mabait at matimtimang binata. Walang kilos na magaspang at marungis na paguugali.

Nang mga sandaling yaon ay idinadaing niya sa harap ni Leoning ang dalisay na tibukin ng kanyang puso sa dahilang sinisinta niya nang tapat si Leonora.

—Leoning, malaon nang ang palad ko ay nasa kandungan ng dusa. Nguni't kailan ko pa kaya Páhiná 6
matatamo ang pagasang maituturing kong ligaya ng aking buhay? Katulad ko Leoning ay isang bulaklak na nalalanta at ang tanging makapagpapasariwa, lamang ay ang hamog ng iyong kaawaan.

Datapwa't ang binibini ay patuloy sa kanyang pagkapipi; hindi pa rin sumasagot, kaya si Eduardo ay muling nangusap.

—Leoning, kailan pa? Maanong sa ngayon ay idulot mo na at kung hihintayin mo pa ang bukas, oh! Leoning, sa aba ko ay wala na! Tila isang libingang napakapanglaw ang kahihinatnan ng palad ko. Kaya, kung may paglingap ka ay igawad mo na ngayon sa akin.

Ang ganitong mga pangungusap na binigkas ni Eduardo ay parang lubos na tumagos sa kaibuturan ng puso ni Leoning. Sa gayon, si Leoning ay nagkaroon ng awa at tila ganap na nahahabag sa anyong kanyang namalas kay Eduardo. Naawa siya. Nguni't ang kasagutang bibigkasin ay parang nabitin sa kanyang labi. Pinagaalinlanganan niya ang pagbigkas sa matamis na salitang "OO" para sa isang Eduardo, kaya't pinigil pa rin niya at di binitawan.

Ang mga sandaling yaon ay siyang huling gabi ng kanilang paguusap, at kung maulit man ay maluluwatan na pagka't sa kinabukasan ng araw na yaon ay patungo ng Maynila, si Eduardo, sa dahilang panahon na naman ng pagbubukas ng mga paaralan. Hindi na niya maaaring magawa pa ang dating pagdalaw kay Leoning na walang liban tuwing hapon.

Kaya't boong pagsusumikap ang ginawa ni Eduardo, upang kung maaari lamang tamuhin niya
ang kanyang mithing makamtan; ang pagibig ni Leoning bago lisanin ang sariling bayan. Kaya't Páhiná 7
sa gitna ng paghaharing yaon ng katahimikan ay pamuli siyang nangusap:

—Leoning, ano ang kahulugan ng di mo pagsagot na ito sa akin? Niwawalang bahala mo kaya pagka't akong kaharap mo ay isang abang maralitang Eduardo lamang na di dapat pansinin?

—Eduardo, bakit ka nagsalita ng ganyan?

—Leoning, hindi ba katotohanan ang aking sinabi?

—Eduardo, huwag mong pasakitan ang aking puso. Oo, iniibig kita. Ikaw lamang ang buhay ko.

—Leoning, salamat, diyata ...?

—Eduardo, asahan mong boong puso kitang iniibig.

—Leoning!!!

—Eduardo!!!

Walang naitugon ang binata sa dalaga kundi isang halik sa mapulang labi at isang mahigpit na yakap. Kay papalad na mga puso! Salamat at walang nakasaksi sa kanila kundi ang mga bituin at ang kabilugang buwang sa kaliwanagan ay parang nakabitin sa langit.

—Eduardo, baka pagkatapos ng lahat ng ito ay pabayaan mo ang aking palad?

—Leoning, alalahanin mong libingan ang kasasadlakan ko kapag nagmaliw ang aking pag-ibig.

—Eduardo, baka....

—Leoning, maniwala ka.

—Baka sabi mo lamang ang lahat ng iyan.

—Leoning, malasin mo ang mga bituin, malasin mo ang buwang iyang nagsasabog ng kaliwanagan—iyan, iyan ang mga tangi kong saksi.

—Masasaksi mo nga iyan; nguni't hindi mo ba naaalaala na ang buwang iyan ay naglalaho kung sinasaputan ng ulap? Ganyan din naman ang iyong pagibig na mangyayaring maglaho Páhiná 8 pagdating ng panahon.

—Huwag mong pahirapan ang aking puso. Alalahanin mong ang puso ko ay katulad ng isang bulaklak na kapag hindi nadilig na isang umaga ay nalalanta; kaya't kung malanta nga ang paglingap mo, ay! sa aba ko ay wala nang pagasa kundi ang tunguhin ang huling hantungan ng lahat.

—Eduardo, ang lahat ng iyan ay masasabi mo; nguni't pagdating mo marahil sa Maynila, ay pawi nang lahat sa iyong alaala ang mga pangungusap mong iyan sa harap ko.

—Leoning, balintuna ang iyong hinagap. Alalahanin mong sa kaibuturan ng puso ko ay isa kang bulaklak na pinakakaingatan at laging dinidilig ng aking pagmamahal.

—Eduardo, marahil ay malilimot mo rin ang lahat ng iyong mga pangungusap. Kung nasa piling mo na marahil ang magagandang bulaklak sa Maynila, na, pugad ng mga pusong uhaw sa hamog ng ligaya ay lilimutin mo na ang lahat ng ito.

—Leoning, huwag mong pangarapin ang ganyang mong hinala; alalahanin mong ang paglisan ko bukas ay nangangahulugan ng mapait na gunitain.

—At marahil, sa paglisan mong iyan ay limot mo na ako sa alaala.

—Leoning, alamin mo na mula sa mga sandaling ito ay nakatitik na sa kaibuturan ng aking puso ang iyong pangalan.

—Oo, nguni't pagdating sa Maynila, ay pawi na.

—Leoning, namamali ka; ang sabihin mo'y hanggang libingan.

—Hanggang libingan na di mo na maaalaala ang iyong pangako? Marahil nga....

—Leoning, saan man mahantong ang aba kong palad ay di maaaring mawalay sa gunita ko't Páhiná 9
alaala ang larawan mo.

—Isinusumpa mo kaya ang lahat mong mga pangungusap na iyan?

—Leoning, sumpa ko.

—Hanggang....

—Hanggang hukay Leoning ko!

—¡...............!

—Leoning!

—Eduardo!

—Habang buhay!!!

—Hanggang libingan naman!

—Hindi ka kaya makalimot?

—Habang tumitibok ang puso ko.

Saksi nila ang mabituing langit. Ang liwanag ng buwan ay parang nalulugod na bumabati sa kanilang pagkamapalad. Ang simoy ng hangin ay parang nagbabalita sa madla ng pagkamapalad ng dalawang puso: ni Eduardo at ni Leoning. Ang halimuyak ng mga bulaklak na nasa bakurang mahalaman ay tila naghahatid ng samyo at kabanguhan sa kahilang paguulayaw.

Kay papalad!

Dalawang pusong nagkakaisa ng tibukin. Si Eduardo ay naliligaya sa piling ni Leoning. Si Leoning ay nalulugod sa harap ni Eduardo. Si Leoning ay isang mabangong bulaklak na humahalimuyak kung nagbubukang liwayway. Si Eduardo naman ay isang paruparung nagkapakpak na uhaw sa katamisan ng nektar at bango ng pag-ibig.

Ang gabing yaon ay parang isang langit na mabituin at puno ng mga pangarap at pagasa kay Eduardo. Kung pagkuruin niya ay tila siya na lamang ang pinakamapalad at pinakamaligaya sa Páhiná 10

sangdaigdig. Laging sariwa ang ngiti. Naging masigla siya buhat ng mga sandaling bitiwan ni Leoning ang oong kanyang malaon nang ninanais makamtan. Kay palad nga naman niya! Tinamo rin niya sa kabila ng pagod at masasaklap na pagtitiis ang ligaya ng kanyang puso.

Samantala, si Leoning ay nalulugod din naman sa kabilang dako. Pusong umiibig sa kapwa puso ay pusong naliligaya. Kay tamis dilidilihin! Isang batisang pinagmumulan ng mga pangarap at kaaliwan para kay Leoning ang kanyang puso sa dahilang siya'y umiibig.

Datapwa't sa pagkalugod ni Leoning ay parang nakatatanaw siya sa kabilang dako ng manipis na ulap: nalulugod siya sa harap ni Eduardo, nguni't iilang sandali na lamang ang itatagal ng kanilang paguulayaw at pagpapalitan ng ngiti at titig. Matatapos na ang paguusap nang lihim ng kanilang mga mata kung sakali't nahihinto ang kanilang paguusap. Kinabukasan ay hindi na mauulit ang ganito. Aalis na si Eduardo at ang pangyayaring ito ay tila isang tinik na susubyang sa kanyang puso. Magkakahiwalay silang maluwat. Kay lungkot na mga sandali!

Kay Eduardo man ay gayon din. Parang subyang na dumuduro sa kaibuturan ng kanyang puso ang gayong paghihiwalay. Ilang saglit na lamang at sila'y magpapaalaman.

—Leoning, huwag sanang magbabago ang iyong damdamin.

—Eduardo, huwag ka sanang makalilimot sa iyong sumpa.

—Leoning, aalis na ako. Huwag ka sanang magbabago ng kalooban at alalahanin mo sana akong parati.

—Eduardo, ipinababaon ko ang aking pagmamahal sa iyo. Alagaan mo sanang lagi at ako ay Páhiná 11
iyong alalahanin.

—Leoning, Leoning, hanggang hukay.

At isang mariing halik at mahigpit na yakap ang nailagda ni Eduardo kay Leoning. Salamat na lamang at walang nakasaksi sa kanila. Ang dalawang batang kasama ni Leoning at saka ang matandang kanyang ali, ay salamat at paraparang nagsisipaghilik ng mga sandaling yaon at kung hindi sana ay di nila magagawa ang gayon.

Habang naaabot ng tanaw ni Leoning, si Eduardo ay di nagbabago ang pagkakatitig ng binibini. Sa palagay ni Leoning ay parang isang dapit-hapon ang gayon. Dinalaw rin siya ng munting pagkalungkot. Isang tanaw pa ang inihabol ni Leoning, nguni't, oh! wala na....

Pagdating ni Eduardo sa sariling tahanan ay nagbihis ng kanyang damit na pangpahinga at bago natulog ay idinalangin at sinabi ang ganito:

—Huwag nawang makalilimot si Leoning sa aming sumpaan!

---

Páhiná 12

# II.

DALAWANG buwang singkad ang lumipas mula nang lisanin ni Eduardo ang sariling bayan.

Si Eduardo ay parating tumatanggap ng mga sulat na buhat kay Leoning.

Si Eduardo ay palagay ang loob. Ang kanyang pagaaral ay lalong sinisikap upang sa wakas ay magtamo ng tagumpay.

Lalo at lalong sumisigla ang kanyang katawan. Lubos na nasisiyahan. Kay palad na Eduardo nga naman! Lagi nang sa mga huling titik ng mga liham na kanyang tinatanggap ay di nawawala ang matatamis na alaala ni Leoning, na, siyang lubos niyang nagiging kaluwalhatian.

"—Tanggapin mo ang matatamis na alaala at walang kupas na pagmamahal ng iyong Leoning na sumisinta hanggang hukay."

Ganyang mga pangungusap ang lagi nang tinatanggap at nababasa ni Eduardo kung sumusulat sa kanya si Leoning.

Kay tamis nga namang magaalaala ni Leoning!

Kaya't gayon na lamang ang kasiyahang loob ng binata. Iyan ang tangi niyang nagiging kaligayahan sa lahat ng sandali ng pagiisa.

Ang bawa't pangungusap ni Leoning ay di pinangangawitang basahin. Minsan ... makalawa ... makaitlo ... Kung tinititigan niya ang sulat mula sa binibini ay waring siya'y nakikipagusap. Anong tamis nga namang magmahal ni Leoning!

Si Leoning ay isang binibining katutubo ang kayumian. Ang kanyang puso ay minsan lamang Páhiná 13
kung sumumpa sa kanyang iniirog, bukod sa maganda at mabait.

Nguni't sa pagiisa ni Eduardo ay kanyang naiisip na matagal pang panahon bago niya masisilayan ang mukha ni Leoning.

Iyan ang mapait dilidilihin para sa kanya. Kailan pa niya makikita ang mukha ng kanyang kasintahan? Kailan pa?

Kailan pa kaya niya makikita ang kanyang ilaw at buhay? Kailan niya makikita ang titig na mapangakit ng kanyang Leoning?

Kay pait nga naman ng ganito!

—Ano kaya ngayon si Leoning? Naaalaala rin kaya niya ako paris ng ginagawa kong pagaalaala sa kanya?—ang madalas nasa pagiisa'y naitatanong ni Eduardo sa sarili.

Oh! ang puso nga namang nalalayo sa sinisinta!

Para kay Eduardo ay lalo't lalong nananariwa ang pagkasabik na kanyang makita si Leoning. Kaya't madalas niyang masabi sa sarili:

—Huwag nawang maglalaho ang kanyang sumpa!

Nalulungkot siya sapagka't ang kanyang kasintahan ay nasa malayong hindi maabot ng kanyang tanaw. Ang kanyang puso ay nangungulila sa madlang kaaliwan. Ngayon niya nadadama ang sakit ng malayo sa kasintahan. Walang kasing pait!

Baka nga naman pagdating ng panahon ay ganap na siyang limutin? Anong malay ng isang Eduardo, na, nasa malayo?

Oh! kaawaawang Eduardo kung magkakaganito!

Pati yaong gabi ng mga sandaling sila'y nagpapaalaman ay waring sumusurot sa kanyang alaala. Maaaring sa isang iglap nga lamang ay ipagwalang bahala ni Leoning ang gayon. Maaari ngang mangyari ang lahat ng mga hinagap na ito. Páhiná 14

Sukat ng maalaala ni Eduardo ang kanyang bayan ... Maari ngang ang isang Leoning ay ganap na makalimot. Maaari nga sapagka't doo'y maraming mayayamang binata. Maaaring si Leoning ay mabihag ng iba.

Paano nga naman ang isang Eduardo, kung ang isang Leoning ay lumimot pagkatapos?

Kaawaawang binata!

Oh! ang puso nga namang nalalayo sa kapuwa puso!

Mangarap na lamang at umasa. Manalig sa pagasang ikinakalat ng bubukang liwayway pagsikat ng araw.

---

Páhiná 15

# III.

BULAKLAK na uhaw sa patak ng hamog sa kaumagahan at anyung nalalanta; kampupot na ang kabanguhan ay humahalimuyak nguni't ang kasariwaan ay waring naluluoy na,—katulad ng isang talang untiunting tinatakasan ng liwanag,—ganyan, ganyan ngayon ang kaparis ni Leoning.

Ang kanyang puso ay waring may subyang. Nangungulilang lubos sa mga kaaliwan sa buhay. Sa kanyang pagiisa ay madalas na pumapatak na lamang ang masasaklap na butil ng luha—luhang tila perlas na dumadaloy sa kanyang mga pisngi. Kay pait ng mga sandaling mangulila sa kasuyuan!

Apat na liham na ang kanyang ipinadala kay Eduardo, nguni't kahit isang kasagutan ay di siya nagtatamo man lamang. Nasaan nga naman ang dating paglingap ng ating binata? Bakit parang kasing bilis ng kidlat na naglaho? Nasaan ang kanyang dating paglingap kay Leoning? Nilimot na kaya niyang lahat?

Datidati nga naman agad siyang sinasagot ni Eduardo. Datapuwa't ngayon? Oh! parang ulap ang pagasang siya'y makatanggap ng sulat mula kay Eduardo. Bakit sa apat niyang liham ay wala siyang natatamong kahit isang sagot? Kahabaghabag na Leoning!

Si Leoning ay napapaluha na lamang halos sa bawa't sandali. Ang kanyang puso'y lihim na tumatangis. Si Eduardo nga nama'y kay daling lumimot!

At, ngayon ay boo na sa kalooban ni Leoning na sadyang siya ay nilimot ni Eduardo. Aling puso nga namang tulad ni Leoning ang hindi tumangis? Aling kaluluwa ang hindi dalawin ng lungkot kung gayong maulila sa kanyang kasuyuan? Páhiná 16

Aling bagay pa kaya ang kalungkotlungkot gunitain sa isang damdamin paris ng maulila sa pagiibigan? May masakit pa kaya sa isang pusong may malinis na pagibig paris ng limutin ng kasintahan? May puso kayang makapagtitiis na hindi lumuha dahil sa paglimot ng isang sinanglaan ng wagas na pagibig? Aling puso ng babai na may malinis na pagibig ang hindi maghimutok sa paglimot ng isang irog?

Eduardo, diyata't ang sumpa mo'y napatulad na lamang sa asong matapos tangayin ng hangi'y napauwi sa wala? Napatulad na lamang kaya sa paglubog ng araw sa pagdadapit hapon na hindi na muling sisikat? Ay! alalahanin mo ang aking palad! Sa aba ko! Diyata't papagtitiisin mo ng hirap ang isang pusong umiibig ng tapat? Oo, hindi kumukupas sa puso ko ang banal kong pangako: iniibig kita, iniibig kita! Nguni't, oh palad!

Naghihimutok ang kanyang damdamin sapagka't buo na ang kanyang pananalig na siya ay nilimot ng kanyang irog, ng kanyang minamahal ng higit sa buhay: si Eduardo.

Sadyang si Leoning ay isang dalagang uliran sa pagibig. Minsan lamang kung sumumpa sapagka't siya ay may dangal at may puri. Ngayon ay nadadama niya ang hirap ng isang umiibig na nalalayo sa piling ng kanyang kasintahan.

Sa tabi ng bintana ay madalas mapatigil ang kanyang pagbuburda na malayo ang titig at waring may malalim na iniisip.

⁂

Noo'y isang masayang umaga. Páhiná 17

Walang anoano'y isang autong "Buick" ang huminto sa tapat ng kanilang bahay. Ang autong ito ay galing sa Maynila. Sino ang lalaking sakay? Ang kasintahan kaya ni Leoning? Si Eduardo kaya? Kaya't matamang pinagmasdan ni Leoning ang sakay samantalang umiibis sa sasakyan.

Nguni't ang hinalang yaon ni Leoning ay nabigo. Yao'y isang lalaking matanda na: ang kapatid ng ali ni Leoning, si mang Alejandro.

—Tuloy po kayo—ang pagdaka ay nawika ni Leoning—Bah! si mang Andoy—at tuloy tinawag ni Leoning si aling Rita, na, noo'y na sa silid ng tahanan at nagaayosayos ng ilang mga damit na tahiin.

—Aba, si Andoy—ang boong galak na nawika ni aling Rita—ano kumusta ang dalawang bata na ipinadala ko sa iyo? Kumusta sila roon?

—Mabuti naman sa awa ng Diyos—ang sagot ng kausap—pinapagaaral ko sila sa "Tondo Primary School" na siyang pinakamalapit na eskuelahan sa bahay.

—Di mabuti kung gayon.

—Rita, kaya ako naparito ngayon, ay, upang sabihin ko sa iyo kung maaari ay ikaw na sana ang aking maging taong bahay sapagka't lubhang napakahirap sa akin ang walang kasama dahil sa ako'y nagyayaot-dito sa mga kalapit na lalawigan. Napakahirap ang *magnegocio!* At, upang ikaw na tuloy ang mamahala sa dalawang bata.

—At pasa sa Maynila ako? Di kung gayon ay ipagsasama ko na pati ang batang ito—sabay turo kay Leoning—pagka't wala iyang kasama rito.

—Mangyari pa.

—Nguni't anong magagawa niyan doon Alejandro, ay sa narito ang kanyang pinagkakakitaan: Páhiná 18
ang manahi at magburda ng damit.

—Ah, at marunong ba siya?

—Oh! tingnan mo ang kanyang mga gawa—at ipinakita noon ang niyayaring burda ni Leoning.

—Sa Maynila ay malaking higit sa rito ang makikita ng batang iyan. Oo, ipagsama na natin, ¿bakit hindi mo agad ibinalita sa akin, di sana'y nakasahod na iyan ng malakilaki? Oo, ako ang bahala, ipapasok ko agad siya sa pagawaan riyan sa Maynila.

—Kung gayon ang lahat ay maaari.

Anong galak ang tinamo ni Leonora! Oh Maynila! Gayon na lamang ang pagkatuwa niya dahilan sa sasapiting walang pagsala ang pook ng aliw ... ang Maynila! Sasapiting walang pagsala ang laging napapangarap—ang kinalalagyan ng kanyang irog: ni Eduardo.

Anong ligaya nga naman ng gayon sa puso ni Leoning! Nananariwang tulad ng sampagitang humahalimuyak ang naging malulungkutin niyang kalooban pagka't makikita niyang walang pagsala si Eduardo.

Ang lahat ay wala ng pagkaurong. Ang mga daladalahan nina Leoning at aling Rita ay handa ng lahat. Ang lahat ay ayos na.

Kay palad na pusong magkakaisang bayan at di na paris ng dating ang kanilang pagkakalayo ay napapagitanan ng malalawak na kaparangan, matatarik na bundok at mahahabang tanawin!

# IV

Sa tapat ng isa sa mga restaurant sa daang Juan Luna, sa pook ng Tundo, ay nagsilunsad mula sa isang auto ang tatlong binata at doo'y nagsitungga ng serbesa. Sila ay sina Jose, Pako at Eduardo.

Sa harap ng isang mesa ay maligaya silang nagsisipagusap:

—Pako, bakit mo nakilala ang dalagang yaon?

—Kilala ko siya, nguni't hindi ko lamang kabatian. Hindi ko pati nalalaman kung ano ang kanyang pangalan.

—Kailan mo pa siya nakita?

—Hindi na marahil ngayon kukulangin sa isang buwan.

—Eduardo—ang sabad naman ni Jose—tila may ibig sabihin ang mga pagkikita ninyong yaon. Hindi ba?

—Iyan ang dalagang sinabi ko sa iyo kaninang tayo ay magkausap sa tabi ng dagat.

—Ah! iyan ba?—at kinamayan ang kausap ng boong galak—Sadyang may suerte ka kaibigan.

—Ah, Eduardo—ang sambot naman ni Pako—sadyang ang ganda lamang ng dalagang yaon ay sukat na. Buhat pa ng unang makita ko siya dito sa Maynila ay lubos na akong humanga sa kanyang pagkamabining kumilos. Talagang may suerte ka nga naman kaibigan.

—Nguni't ako'y walang malay na siya ay naririto.

—Kung nalaman ko ba lamang agad—ang—tugon ni Pako—naibalita ko agad sa iyo.

—Sana nga; sayang na sayang.

—Bakit naman siya naparito sa Maynila?

—Iyan nga ang di ko maalaman. 

—Pako, hindi mo ba alam kung saan nakatira?

—Ang matandang may-ari ng kanyang kinatitirahan ay kilala sa tawag na Don Alejandro. Siya ay isang mayamang sa Tundo.

—At, sa akala mo kaya ay talagang mariwasa?

—Sa palagay ko, sukat na ang sa kanyang kilos ay makilala. Ang autong kihalululanan ng binibining ating nakita ay pagaari niya bukod pa sa ang matandang yaon ay madalas kong makitang kasama ng mga matataas na taong nabibilang sa mga lalong kilalang lipunan na kadalasan ay mga kilalang abogado at kinatawang bayan.

—Nguni't sa akala mo naman kaya ay di tayo kaabaan na makayapak sa kanilang tahanan?

—Nasa iyo iyan kaibigan.

—Kabatian ko ang binibini, isa pa ay tunay ko siyang kababayan. Marahil ay hindi naman tayo mahihiya.

—Kung gayon ay may pagasa tayong makapanhik; nguni't aywan ko lamang ... hindi ko pa rin lubhang natataho ang kaugalian ng matanda.

—Kung gayon ay anong mabuting paraan upang sila ay ating makatagpo ngayon?

—Tumungo tayo sa amin—ang anyaya ni Pako sa dalawa.

At makatapos makapagbayad ay nagtindigan na sila at nagsisakay na pamuli sa auto.

Sumapit sila sa tahanan nina Pako, sa may Liwasang Moriones, Tundo. At, palad! gayon na lamang ang pagkagalak ni Eduardo pagka't ang tahanang yaon ay katapat ng tahanang kinatitirahan ng kanyang irog: ni Leoning.

—Pako, at tapat pala nitong inyo ang kanila?

—Oo, malasin mo ang ganda ng pagkakaayos ng tahanang iyan. 

—Oo, nga kay ganda!

At bagama't hindi pa napapanhik ni Eduardo ang kinatitirahang yaon ni Leoning ay gayon na lamang ang kanyang paghanga sa pagkakaayos.

Palibhasa'y ang mga bintana ay nakabukas na lahat kaya't ang ganda ng pagkakaayos ng ilang bahagi ng loob ay di naging kaila sa paningin ng ating binata.

At, dumating na ang ikawalo ng gabi. Di pa nagsisidating ang hinihintay nina Eduardo: ang paguwi nila Leoning. Inip na inip na si Eduardo. Sa mga gayong oras ay dapat nang magsiuwi sila sana, sapagka't matagal nang tapos ang tugtugan sa Luneta. Lahat ng mga taong nabuhat doon ay paraparang nasa kanila ng pamamahay.

Nguni't walang ano ano'y sa darating ang isang auto. Anong galak ni Eduardo! Halos mapalundag sa tuwa pagka't sila ay magkakatagpo.

—Halina at salubugin natin sina Leoning.

At, sila ay sabaysabay na nagsipanaog dahilan sa pagasang sa pagibis ng sakay ay aanyayahan sila ni Leoning, na pumanhik muna, sa kanilang tahanan. Hindi maaaring sila ay mapahiya sapagka't si Eduardo ay kilala ni Leoning at bukod pa sa rito'y kilala rin siya ni aling Rita.

Datapwa't kay laking kasamaang palad! Nabigo ang kanilang pagasa. Bakit? Ang autong tumigil ay walang sakay kundi ang Tsuper. Saan naroon sina Leoning, ang ali at ang matandang lalaki na kasama nito kanina sa pagliliwaliw sa Luneta, na pinagkatagpuan nila ni Leoning, na daglian?

Kay samang pagkakataon! Páhiná 22

Isang pagkabigo na naman ang naging palad ng ating binata.

---

Páhiná 23

# V

GAYON pala ang mangyayari kung sila man ay pagkita ni Eduardo: Magkatanaw-tama na lamang ang kanilang mga titig. Nagkasalubong sila, datapwa't parang walang ano man. Magkakausap ba sila ay kapwa matuling ang autong kinasasakyan?

Ganyan ang nangyari kanikanina lamang na sila ay magkita sa masayang liwaliwan sa Luneta.

Ah, kaya madalas ay nanginginip din siya! Iilan pa nga naman ang kanyang nagiging mga kakilala. Ang kanyang kabuhayan ay di nakatatamo ng dating ligaya paris ng nasa sariling bayan. Wala na nga namang napakatamis sa damdamin paris ng nasa sarili.

Bagama't noong una ay halos mapalundag siya sa katuwaan sa pagsapit ng Maynila, ay nang nalalaon na ay dinalaw rin ang kanyang puso ng pagkalungkot. Para sa kanya ay wala ring halaga ang maririkit na tanawin na kanyang nakikita sa Maynila, paris ng makita niya ang kanyang kasintahan. Ang mga panooring makabago sa kanyang pangmalas ay para bang madali niyang pinagsasawaan. Ang mailaw na siudad ng Maynila ay di niya maituring na kaligayahan ng puso.

Pumapasok ngayon siya sa paaralan ng mga may kasanayan sa pagbuborda. Twing umaga ay inihahatid siya ng auto ni mang Alejandro sa kanyang pinapasukan na nakatayo sa daang Heneral Solano, sa San Miguel. Datapuwa't ang ganito niyang kabuhayan ay di rin makapagbigay lubos Páhiná 24 kaaliwan sa kanyang buhay. Ang lagi niyang pinipitapita at idinadalangin ay ang makita ang mukha ng kanyang irog: ang mukha ni Eduardo. Datapwa't saan niya makikita si Eduardo? Ang kanyang mga kasama sa pasukan ay pawang mga babae lamang.

Kaya't kung umagang patungo siya sa kanyang pinapasukan ay halos, ang maraming taong nagsisipaglakad sa banketa ng mga iba't ibang lansangan ng siudad ay isa-isa niyang pinagsusuri. Datapwa't marami ng araw ang nakaraan ay pawang pagkabigo lamang lahat ang kanyang nagiging palad. Hindi niya makita si Eduardo. Saan nga naman niya hahanapin? Sa Escolta, habang siya ay dumaraan sa mataong yaon ay di rin niya masilayan sa karamihan ng nagdadaanan. Kahit nga naman si Eduardo ay magdaan sa kanyang tabi lamang datapwa't pag sadyang hindi sila nagtanaw-tama ay hindi sila magkikita. Kay dami daming tao, kay tutuling lakad pa naman.

Kahabaghabag na Leoning na sabik makita ang kanyang minamahal!

Pawang pagkabigo nga lamang ang nangyari sa kanya. Saang lipunan niya makikita ang kanyang iniirog? Oh, Maynila iyan pala ang Maynila, iyan pala ang iyong kahiwagaan! Kay gusot na siudad! At, si Leoning sa kanyang pagiisa ay minsan ay nasasabi na lamang sa sariling:

—Oh, ito ba ang Maynila? Kay gusotgusot pala!

Ang lahat nga lamang para sa kanya ay pagkabigo. Ang pagasa niya noong una, na, kanyang makikita agad ang iniibig ay parang isang pangarap lamang. Oo, pangarap lamang pala! Kay dami daming tao ng Maynila! Saan mo nga naman matitiyak makita agad ang isang Eduardo? Páhiná 25

Saan niya hahanapin? Pangit para sa kalooban ni Leoning ang siya ay magsadya sa tahanan ng isang binata. Nais niyang sukat na lamang ang sila ay magkita sa isang pagkakataon.

Pangit nga naman kung kanyang sasadyai'y tahanan pa ni Eduardo. Nais niyang makita ang kalagayan ng binata datapwa't hindi niya gagawin ang magsadya sa kanyang tahanan. At, sa paanong paraan niya maaring patunguhan ang bahay ng ating binata? Sinong magtuturo sa kanya? Oh! ang lahat ay di maaari. Hindi niya maaaring patunguhan pagka't ang mga iba't ibang bahagi nitong Maynila ay hindi niya nababatid. Ipagtanong? Nguni't kanino? Hindi ba isang kahiyahiyang siya ay tutungo sa gayo't gayong pook na ang sasadyain ay lalaki pa naman?

Hindi nga, naman mangyayari ang gayon!

* * *

Hanggang sa pagdating na ni Eduardo ng sariling tahanan na hindi malimutan ang kanyang tinamong pagkabigo, na, kanyang inaasahang sa gabing yaon ay magkakatagpong walang sala sila ni Leoning.

Kay pait na kapalaran naman para sa kanya ng gayon!

Gayon na lamang ang kagalakan ng loob noong una pagka't nagkaroon siya ng magandang palad na maalaman ang kinatitirahan ni Leoning at lubos na sa sarili ang pagasang sila ay magkikita. Anong buti nga namang pagkakataon ang kanyang sinamantala datapwa't hindi rin nagtagumpay!

At, ang kanyang hangad na pakikipagkita kay Leoning ay nawalang saysay. Nabigo siya ... Páhiná 26
Saan nga naman napunta sina Leoning, si aling Rita at ang matandang lalaking kasama nila: si mang Alejandro? Bakit nang dumarating na ang auto ay hindi sila sakay? Saan kaya sila nangaroon ngayon?

Saan nga naman naroon? Saan kaya natin hahanapin? Saang bahagi ng siudad sila nagsipunta? Saan natin hahanapin sa magusot na siudad ng Maynila?

Baka sakaling inaanyayahan ng mga kaibigan ni mang Alejandro? Baka kaya napapadalo sa isang kasayahan? Aywan natin. Malapit nga marahil na magkatotoo ang ganito. Si mang Alejandro ay maraming kaibigan sa siudad. Madalas ang siya ay anyayahan ng kanyang mga kaibigan. Sa mga liwaliwan, sa mga sayawan ay di nawawala ang matandang ito. Nguni't saan bahagi ng malawak na siudad naroon ngayon sila?

Sa isang maaliwalas na tahanan na natitirik sa daang San Marcelino ay kasalukuyang naghahari noon ang isang masiglang sayawan. Ang tahanang yaon ay lubhang napakaganda ang pagkakaayos na nasa loob pa mandin ng isang halamanang maraming mga bulaklakan ang mga palibot. Ang tahanang yaon ay mapagkikilala na isang mariwasa ang may-ari.

Kasalukuyan noong idinaraos ang sayawang parangal sa dalawang mapalad na pinagisang dibdib: ang anak na babae ni Don Gonzalo at ang lalaki na si Eligio Arce na isang taga Iloilo.

Ang bawa't panauhin, sa dalawang papasok sa panibagong baytang ng buhay, ay nagsisipaghandog ng maliligayang bati. Si mang Alejandro ay naroon. At kung naroon si mang Alejandro ay walang salang naroon din si Leoning at si aling Rita. Di nga mangyayaring mawala. Páhiná 27

Noo'y naghahari ang gayon na lamang kasiglahan ng sayawan. Sa bawa't mukha ng mga panauhin ay walang ano mang kalungkutang mababakas. Lahat ay ngumingiti.

Datapuwa't para kay Leoning, bagama't ang kanyang damdamin ay nasa kandungan ng gayong kaligayahan, ngunit sa kanya ay walang ano man iyon. Kung sakali mang ang kaakitakit na mukha niya ay paminsanminsang sinusungawan ng mga ngiti ay ang mga ngiting yaon ay hindi kaligayahan ng kanyang puso. Ngumingiti siya, nguni't sa kabilang dako ay walang namamahay sa kanyang kalooban maliban sa kalungkutan at pangungulila sa kanyang iniirog. Ngumingiti siya datapwa't ang kanyang puso ay lihim na tumatangis at nalulungkot.

Nakikipagsayaw siya ng mga sandaling yaon ng nguni't hindi nasisiyahan ang kanyang puso. Sa gayong kandungan ng mga ligaya't pangarap ng mga pusong nauuhaw sa pagsimsim ng kaligayahan at katamisan ng buhay, para sa kanya ay isang ulap, lalo't kung hindi niya kapiling ang kanyang minamahal ng lalo't higit sa buhay: si Eduardo.

Halos hihirang tugtog ang hindi niya nasayawan at laging nakukuha siyang pareha ng mga bago niyang kakilala. Karamihan pa naman ay mga kilala't tanyag na mga kabinataan ang nagaagawang siya ang maging palad na makasayaw. Hindi nga kaya ang isang Leoning ay magbago ng loob sa gayong mga pagkakataon at limutin ang isang Eduardo? Mga kilala at tanyag na mga tao pa naman ang waring nagsisipaghagis sa kanya ng mga irap na may kahulogan at ibig sabihin. Hindi kaya siya makalimot pagdating ng ilang araw sa kanyang Páhiná 28
sinisintang si Eduardo? Hindi na kaya siya mabihag ng ibang binatang naaakit ng kanyang dilag at kagandahan?

Ilang mga binata na ang sa kanya ay naguunahang makipagsayaw datapwa't siya ay laging may kapareha. Ang gayon ay isang napakahiwaga.

Kaya't dalawang binatang waring lubos na nasasabik makasayaw si Leoning ang naguusap ukol sa binibini.

—Kung ako lamang ay magkakapalad na makasayaw sa dalagang yaon ay kay palad ko na.

—Ako man—ang sambot naman ng kausap.

—Napakaganda kung kumilos, ano hindi ba?

—Oh! kilos ba lamang? Pati mga titig niya ay lubos ng makabaliw sa isang puso.

—Ang ngiti man lang niya ay sukat ng makapagbigay, lugod sa iyo kung iyo ng kapareha.

—Oo, nga kung ngingitian ka niya ay walang salang maliligaya ka na ng gayon na lamang.

At, si Leoning nga naman ay waring isang bulaklak na namumukod sa lahat ang katangian: tulad ng kampupot na bago lamang na bumubukad na nagsasabog ng halimuyak. Maraming nagsisihanga at nagsisipaghagis ng titig sa kanya.

At, habang lumalakad ang panahon, si Leoning ay lalong dumadami ang kakilala: mga matataas na tao at marami'y mga *titulado* pa. Hindi kung sino sino lamang na mga binata. Ano pa't sa matataas na lipunang lagi madalas siyang maanyayahan. Palibhasa'y si mang Alejandro ay kaibigan ng maraming kilalang tao sa Maynila kaya't ito namang si Leoning ay hindi rin nawawala at kasama saan mang kasayahan mapunta ang matandang ito.

Paris nga naman nang naganyaya ngayon sa kanila, na, hindi rin napahuhuli kay mang Páhiná 29 Alejandro. Mariwasa at maraming kumakalansing. Kaya't si Leoning, maging sa kasuotan ay hindi napapahuli sa mga lalong naggagaraan kasuotan palibhasa'y parang tunay na anak siya ngayon ni mang Alejandro. Ngayon ay di naman lamang pinagagawa ang ating binibini. Ang dating ginagawa niya noong una na magburda at manahi ay hindi na ngayon nahahawakan.

Kaya't karamihan sa mga kaibigan ni mang Alejandro, mayaman at matataas na tao, ngayo'y nagiging mga kakilala tuloy ni Leoning: at nagiging mga kapalagayang loob pa.

Natapos at natapos ang sayawan at umuwi ng sariling tahanan na ang taglay sa puso ay ang kalungkutan. Anong lugod nga naman sana kung ang sayawang yaong lipos ng aliw ay naging kasayawsayaw niya si Eduardo?

Kaya ito ang pagkabigo ni Eduardo noong gabi sa pagasang makita si Leoning.

Ang kanyang pagasa ay talagang nabigo. Sadyang hindi niya makakatagpo noon si Leoning. Ang autong yaon na kanilang hinintay at maasahang kinalululanan ni Leoning ay sadyang ipinahatid ni mang Alejandro sa kanilang tahanan upang ipagbigay alam sa mga utusang huwag hintin ang kanilang pagdating. Datapwa't ang autong iyon ay nagbalik din sa San Marcelino makalipas ang ilang sandali.

---

Páhiná 30

# VI

Si Eduardo nga naman ay walang palad!

Nang magdamag na iyon ay halos di na siya naidlip kamuntiman. Sa pagkakita niya kay Leoning ay waring pinagiisip niya na napakahiwaga. Anong paraan nga naman at si Leoning ay naparito sa Maynila na hindi niya sukat akalain? May katwiran nga naman ang isang Leoning kung sisihin ng isang Eduardo kung bakit ibinalik na lahat ang liham ng binata. Wala nga palang totoo si Leoning sa sariling bayan. Nagtataka ang isang Eduardo? Bakit ni balita ay hindi man lang ibinalita sa kanya ni Leoning? Apat na liham ang nabalik sa kanya.

Napakalaking suliranin para sa kanya ang gayon! Naito pala sa Maynila si Leoning! Bakit? anong nagbigay daan at nawili siyang manahan sa siudad na itong puno ng hiwaga?

Sa pagkakita niya kay Leoning na waring lalong nagibayo ngayon ang ganda kay sa noong naroon pa sa lalawigan ay siyang lalo namang nagdudulot sa kanyang puso ng malaking pananabik at pakikipagtagpo sa binibini.

Halos ang bawa't tunog ng orasan ay kanyang narinig sa boong magdamag. Pilitin man niyang ipikit ang kanyang mga mata ay waring nakikita rin niyang lagi, sa kanyang mga balintataw ang magandang larawan ni Leoning.

Sa kanyang pagkakahimlay, ang maliwanag na sikat ng buwan ay waring nagtatanod sa kanya. Kaya't hanggang sa sumapit na ang kalaliman ng gabi na tahimik na ang lahat, ay nagbangon siya at ang maaliwalas at mabituing langit na walang bahid ng ano mang ulap ay Páhiná 31 kanyang pinagpakuan ng tingin.

Kay aliwalas nga naman ng langit noon!

Ni badha ng ano mang ulap ay walang masisinag sa kaitaasan. Kabilugan ang buwan. Anong dikit malasin kalangitan! Waring nagdudulot sa kanya ng lugod ng puso at kaligayahan ng

damdamin. Kay sarap ng simoy ng hangin! Anong sarap kung masanghap! Kay bango ng simoy na dala ang mga kabanguhang humahalimuyak sa mga bulaklakan!

Ang gabing yaon ay isang gabing puno ng pangarap at tulain!

Sa kanya, ang gabi, ay waring nagpapahiwatig ng isang kaligayahan ng puso! Waring nagbabalita kay Eduardo ng magandang kapalaran ng buhay na puno ng pagasa. Waring ibinubulong sa kanya ang kaligayahan ng puso. Waring naririnig niya ang mga awit ng pusong mapapalad na nagduduyang sa bisig ng magandang kalikasang puno ng pangarap.

At ... nang magmamadaling araw na, bago siya maidlip ng bahagya ay walang nasabi ang kanyang sarili kundi:

—Anong lugod sana kung makakapiling ko si Leoning sa pagkakataong paris nitong gabing puno ng sariwang pagasa, ng lugod ng puso at buhay!

⁂

Kinabukasan, pagkagising ni Eduardo, ay wala nang ibang sinikap sa sarili kundi ang paraang kanyang gagawin upang makausap ang binibini.

Kaya't wala na siyang sinikap kundi ang maghanda. Kung baga sa digmaan ay para siyang lulusob.

Sa Tundo, kay ligayang pook! Páhiná 32

Si Leoning ay doon naninirahan at bagama't ang pook na ito ay may kaunting kalayuan sa kanyang tinitirahan ay naging gayon na lamang kalapit para sa kanya. Kung noong una ay di man lang niya kinagigiliwan paroonan, ngayon ay siyang paraiso ng kanyang puso. Iyan ngayon ang kanyang kinagigiliwan.

Sa kanyang kalooban ay buo na ang pagasa at pananalig na makausap ang kanyang irog. Mababatid ni Eduardo kung ano ang dahilan at si Leoning ay naparito sa siudad. Mababatid rin naman ng ating binibini kung ano ang sanhi ng kanilang pagkakatigilan ng pagpapalitan ng mga balita ng kanilang pagsusulatan.

Para sa binata ay kay buting pagkakataon. Gayon na lamang ang kanyang kasiyahang loob.

Dumating ang takdang oras.

Magara ang damit ng ating binata at bagay na bagay sa kanyang tindig.

—At, anong palad na pagkakataon—ang nawika sa sarili.

Natanaw niya sa may durungawan si Leoning.

Anong palad nga naman! Ang kanilang mga paningin ay karakang nagkasalubong: nginitian agad siya at boong lugod na inanyayahang pumanhik.

—Mabuti na lamang at hindi nagbabago si Leoning—ang nawika ni Eduardo.

At si aling Rita na noo'y na sa labas ay pagdaka'y pumasok at sinalubong ng boong lugod ang ating binata.

—Eduardo, magtuloy ka, halika—ang wika ng matanda—Ano, kumusta ka?

—Mabuti po sa awa ng Dios.

—Bakit mo nalaman itong amin?

—Hindi ko po sinasadyang mapadaan dito nguni't nakita ko si Leoning sa inyong durugawan. Páhiná 33

—Mabuti naman at nalaman mo ito. Pumarito ka ngang lagi.

Gayon na lamang ang pagkalugod niya sa anyayang yaon ng matanda; kay gandang loob!

—Leoning, kausapin mo nga sila, ipagsama mo sa loob, hala pasok kayo at ako lamang ay magaayosayos dito sa labas—ang dugtong pa ni aling Rita.

At nagsipasok sila. Anong tuwa ng binata! Wala kundi pawang kasiyahan sa puso ang naghahari.

Datapwa't paghakbang ni Eduardo sa loob ng kabahayan ay nagtaka at napamangha siya ng gayon na lamang. Bakit? Ano ang kanyang nakita? kung nababatid lamang niya! Hindi sana siya nagpunta agad kina Leoning, nagdaan muna sana siya kina Pako at magpalipas ng ilang sandili doon.

May panauhin pala si Leoning!

At, bakit nakikipagngitian kay Leoning? Nanggilalas siyang lalo ng mangusap ang binibini.

—Ipagpatawad ninyo ang sandaling iyon—ang sabi ng binibini sa lalaki. Hinagisan na lamang ni Eduardo ng tingin ang kinausap.

Ano nga naman ang kahulugan ng mga yaon? Sino ang taong ito? Ito kaya'y kaagaw niya kay Leoning?

Nang magkatama ng titig ang ating binata at ang dinatnang panauhin nina Leoning ay nagsalita ang binibini ng ganito:

---

Páhiná 34

# VII

Inararangal kong ipakilala sa iyo ang kinatawan sa lalawigang C ... ang kagalanggalang na kinatawang Velarde.

—Eduardo de la Rosa po.

—Maraming pong salamat.

—Ang binata pong iyan ay aking kababayan—ang patulo'y ni Leoning. Siya ay isang nagaaral dito sa Maynila at di magluluwat at makatatatapos na sa kanyang pagaaral,—ilang araw pa't siya'y isa nang manananggol na tatawagin.

—Ah, samakatuwid nga pala ay di nagkamali ang aking sarili sa pagpapalagay na sila—sabay turo sa kaharap—iyan ay nakilala ko na. Ang ngalang iyan Bbg. Leoning ay nakilala ko na noon pang mga buwang nakaraan.

—Nakilala na ng kinatawan? At, kayo po pala ay nagkatagpo nang minsan nila?

—Oo, lamang, ang pagkakakilala kong yaon ay di paris ng sa ngayong kami ay nagkaabutan ng kamay.

—At, sa ano pong paraan?

—Nakilala ko siya sa isang pagkakataon.

Samantalang sa kabilang dako ay ni kaputok na salita ay di man lamang makabigkas ang ating binata dahilan sa kanyang pagkamangha sa mga pangungusap ng kinatawan. Bakit sinabing siya ay nakakilala ng kinatawang yaon? Bakit nga naman ay sa ngangayon lamang sila nagkatagpo? Sa paanong paraan siya nakilala ng kinatawang ito? Kaya't kanyang naitanong sa sarili:

Datapuwa't ang sumagot ay ang kanya na ring sarili;

—Nakatagpo ko na kaya ang kinatawang ito?

Sinagot ng kanya na ring budhi: hindi, hindi, hindi. Hindi pa niya namumukhaan ang kinatawang yaon. Páhiná 35

Gayon na lamang ang kanyang pagkamangha: isang kinatawan pa ang nakakilalang mauna sa kanya. Nagtataka siya nang gayon na lamang.

At pagkuwa'y naibulong pa rin niya sa sarili.

—Aywan ko sa kinatawang iyan kung bakit sinabi niyang ako ay kanya nang nakilala noong pang una.

At, ang katotohanan nga naman ay sadyang hindi pa nakakatagpo ni Eduardo ang kinatawang ito. Para kay Eduardo, hindi man lamang sila nagkakatama ng mata kundi ng mga sandaling yaon lamang. Ang katotohanan ay talagang hindi. Hindi pa sila nagkakatagpo ni minsan. Nguni't sa paanong paraan nga naman at nakilala siya ng kinatawan?

Nang boong liwanag na marinig ni Eduardo ang mga huling salitang yaon ay halos nais na niyang mangusap. Nguni't para bang ang kanyang dila ay nadikit sa ngalangala: ni hindi makapangusap. Pinagsusuri niyang mabuti ang kalooban ng kinatawan na baka ang gayong ginagawi ng ginoo ay isang paghamak lamang sa kanyang pagkatao. Baka isang pagalipusta nga lamang pagka't, sino nga ba naman siya sa harap ng isang kinatawan gayong siya ay isa lamang hindi kilala sa mga lubhang matataas na lipunan. Sino nga ba naman si Eduardo sa harap ng isang marangal na tao? Sino siya?

